# Tunay na may karapatan sa iyo ang Panginoon mo, tunay na may karapatan sa iyo ang sarili mo, at tunay na may karapatan sa iyo ang mag-anak mo, kaya ibigay mo sa bawat may karapatan ang karapatan niya.

Ayon kay Abū Juḥayfah Wahb bin `Abdillāh, malugod si Allāh sa kanya: "Pinagkapatid ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sina Salmān at Abū Ad-Dardā'. Dinalaw ni Salman si Abū Ad-Dardā' at nakita niya si Umm Ad-Dardā' (ang maybahay ni Abū Ad-Dardā') na nanlilimahid kaya nagsabi ito: Ang nangyari sa iyo? Nagsabi iyon: Ang kapatid mong si Abū Ad-Dardā' ay walang pangangailangan sa mundo. Dumating si Abū Ad-Dardā' at ginawan si Salmān ng pagkain at sinabi rito: Kumain ka at ako ay nag-aayuno. Nagsabi si Salmān: Hindi ako kakain malibang kakain ka; kaya kumain ito. Nang lumalim ang gabi bumangon si Abū Ad-Dardā' upang magdasal [ng kusang-loob na dasal] kaya nagsabi rito si Salmān: Matulog ka; kaya natulog ito. Pagkatapos ay bumangon ito upang magdasal kaya nagsabi rito si Salmān: Matulog ka. Nang sumapit na ang huling bahagi ng gabi, nagsabi si Salmān: Bumangon ka na. Nagdasal silang dalawa nang magkasama at sinabi rito ni Salmān: Tunay na may karapatan sa iyo ang Panginoon mo, tunay na may karapatan sa iyo ang sarili mo, at tunay na may karapatan sa iyo ang mag-anak mo, kaya ibigay mo sa bawat may karapatan ang karapatan niya. Pinuntahan ni Salmān ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at binanggit iyon sa kanya kaya nagsabi ang Propeta,, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Nagsabi ng totoo si Salmān."

[Tumpak.] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy.]

Naglagay ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa pagitan nina Salmān at Abū Ad-Dardā' ng bigkis ng kapatiran kaya dinalaw ni Salmān si Abū Ad-Dardā' at natagpuan niya ang maybahay nito na hindi nakasuot ng mga kasuutan ng babaing may-asawa:mga kasuutang maganda. Tinanong niya ito tungkol doon at sumagot ito na ang kapatid niyang si Abū Ad-Dardā' ay tumalikod sa mundo, sa mag-anak, sa pagkain, at sa bawat bagay. Noong dumating si Abū Ad-Dardā', ginawan niya si Salmān ng pagkain at inihain ito kay Salmān. Si Abū Ad-Dardā' ay nag-aayuno. Ipinag-utos ni Salmān na ihinto niya ang pag-aayuno dahil alam niya na ito ay nag-aayuno lagi, kaya kumain si Abū Ad-Dardā'. Pagkatapos noong ninais ni Abū Ad-Dardā' na magsagawa ng kusalang-loob na pagdarasal sa gabi (qiyāmullayl), inutusan siya ni Salmān na matulog hanggang sa sumapit ang huling bahagi ng gabi at saka sila magkasamang nagdasal. Ninais ni Salmān na linawin kay Abū Ad-Dardā' na ang tao ay

nararapat na hindi magpahirap sa sarili sa pag-aayuno at pagdarasal sa gabi at dapat lamang magdasal at mag-ayuno sa paraan magkakamit siya ng kabutihan at mapapawi ang pagod, hirap, at pagtitiis.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5801

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee